Tagalog

Paano Tinatasa ang Mga Mag-aaral

Gabay sa Pamilya ng Baguhan

Mga pagtatasa sa silid-aralan

Mag-o-obserba at tatasahin ng guro ng inyong anak ang inyong anak upang sukatin kung gaano nila naiintindihan kung ano ang tinuturo. Nakabatay ang mga pagtatasa sa mga kinalabasan ng curriculum at kung ano ang inaasahang matututunan sa antas na iyon.

Bibigyan ng guro ang inyong anak ng regular na feedback para alam nila kung gaano sila kahusay. Maaaring nakabatay ang feedback na ito sa mga usapan sa inyong anak, mga obserbasyon ng inyong anak sa panahon ng pag-aaral, at mga produkto na nililikha ng inyong anak upang ipakita ang kanilang pagkatuto. Maaaring maglaman ang mga produkto ng mga asignatura, proyekto, presentasyon, at pagsubok. Maaari ring gamitin ang impormasyong ito ng guro at paaralan upang i-monitor at iulat ang progreso ng inyong anak.

Mga uri ng komunikasyon sa pamilya tungkol sa pagganap ng inyong anak sa paaralan:

- Mga pag-uusap sa guro
- Mga komento, antas ng tagumpay, score, at porsyento sa mga asignatura at sample ng gawa
- Impormasyong ibinahagi sa “Powerschool Parent-Student Portal,” na maa-access sa seksyong “Mga Mag-aaral at Magulang” ng aming website: Mga Mag-aaral at Magulang | Edukasyon at Pag-unlad ng Maagang Bata (ednet.ns.ca).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga uri ng komunikasyon, tingnan ang Gabay sa Pamilya ng Baguhan sa “Kung Paano Makipag-usap sa Guro at Paaralan ng Inyong Anak.”

Mga report card

Pre-primary

Hindi tumatanggap ng mga report card ang mga bata sa pre-primary. Magbibigay sa inyo ang early childhood educator (ECE) ng inyong anak ng mga update sa progreso ng inyong anak. Maaari silang magbahagi ng mga dokumento sa inyo, gaya ng isang portfolio o journal, na naglalarawan sa pagganap ng inyong anak sa kanilang paglalakbay sa pag-aaral. Gagamit ng mga obserbasyon ng inyong anak ang ECE upang idisenyo ang mga bagong karanasan na tutulong sa kanilang patuloy na matuto.

Elementarya (antas primary hanggang 6) **at sekondarya** (antas 7 hanggang 12)

Tumatanggap ng mga report card ang mga mag-aaral sa antas primary hanggang 12. Sinasabi ng isang report card ang pagganap ng inyong anak sa kanilang pag-aaral sa puntong ito sa taon ng eskwela. Maaaring makatanggap ang anak mo ng isang report card sa kalagitnaan ng kurso, termino, o semester, pagkatapos ng isang kurso, termino, semester, at pagkatapos ng taon ng eskwela. Magkakaroon ng kalendaryo sa kung kailan naipadala sa bahay ang mga report card ang inyong lokal na Regional Centre for Education (RCE)/conseil scolaire acadien provincial (CSAP).

May dalawang seksyon ang mga report card:

- Nagbibigay **impormasyon tungkol** sa kakayahang sosyal at gawi sa trabaho ang seksyong Profile ng Mag-aaral.
- Nagbibigay **impormasyon tungkol** sa mga kakayahan at konseptong natutunan ng inyong anak ang seksyong Tagumpay ng Mag-aaral. Sinasabi ng seksyong ito kung natutugunan ng inyong anak ang mga kinalalabasan ng pag-aaral para sa kanilang antas.

Antas primary hanggang 3

Sa antas primary hanggang 3, kakabilanganin ang mga report card ng mga komento tungkol sa progreso ng inyong anak sa sining ng wika at matematika. Isasama sa sining ng wika at matematika ang ibang paksa, gaya ng kalusugan, information communication technology (ICT), siyensiya, araling panlipunan, at sining biswal, para makita mo rin ang mga komento tungkol sa pag-aaral ng inyong anak sa bahagi ng ibang paksa na ito.

Sa antas 1 hanggang 3, kakabilanganin ang mga report card ng isang grado ng WD, DE, ND, o INS:

WD	well-developed na pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan
DE	umuunlad gaya ng inaasahan sa pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan
ND	kailangan ng pag-unlad sa pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan
INS	hindi sapat na ebidensiya upang mag-ulat ng tagumpay sa mga inaasahang kahihinatnan ng pag-aaral

Kakabilanganin ng mga grado at komento na inilalarawan sa itaas ang pangalawa at ikatlong termino na mga report card, pati na rin ang impormasyon tungkol sa progreso sa musika at pisikal na edukasyon.

Antas 4 hanggang 6

Sa antas 4 hanggang 6, kakabilanganin ang mga report card ng mga komento tungkol sa progreso ng inyong anak sa sining ng wika at matematika. Isasama sa sining ng wika at matematika ang ibang paksa, gaya ng kalusugan, information communication technology (ICT), siyensiya, araling panlipunan, at sining biswal in, para makita mo rin ang mga komento tungkol sa pag-aaral ng inyong anak sa bahagi ng ibang paksa na ito.

Mga grado ng unang termino ng antas 4 hanggang 6:

WD	well-developed na pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan
DE	umuunlad gaya ng inaasahan sa pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan
ND	kailangan ng pag-unlad sa pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan
INS	hindi sapat na ebidensiya upang mag-ulat ng tagumpay sa mga inaasahang kahihinatnan ng pag-aaral

Mga grado sa ikalawa at ikatlong termino ng antas 4 hanggang 6:

A	lubusang pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan
B	maayos na pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan
C	basic na pagkakaunawa at aplikason ng mga konsepto at kakayahan
D	limitadong pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan

Kakabilanganin din ng mga grado at komento tungkol sa progreso sa core na Pranses (o wikang Mi'kmaw o Gaelic kung saan inaalok), musika, at pisikal na edukasyon ang mga report card ng ikalawa at ikatlong termino.

Antas 7 hanggang 12

Sa antas 7 hanggang 12, kakabilanganin ang mga report card ng mga komento tungkol sa progreso ng inyong anak sa mga kursong kinukuha nila. Ilalarawan din ang pagkakatuto ng inyong anak gamit ang sumusunod na porsyento at paglalarawan:

90—100%	Ipinapakita ang excellent na pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan kaugnay sa mga kinahihinatnan ng pag-aaral.
80—89%	Ipinapakita ang napakahusay na pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan kaugnay sa mga kinahihinatnan ng pag-aaral.
70—79%	Ipinapakita ang mahusay na pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan kaugnay sa mga kinahihinatnan ng pag-aaral.
60—69%	Ipinapakita ang kasiya-siya na pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan kaugnay sa mga kinahihinatnan ng pag-aaral.
50—59%	Ipinapakita ang minimal na pagkakaunawa at aplikasyon ng mga konsepto at kakayahan kaugnay sa mga kinahihinatnan ng pag-aaral.
Mas mababa pa sa 50%:	Hindi nakamit ang minimum na kinakailangan ng kurso.
INS	Hindi sapat ang ebidensiya upang mag-ulat ng tagumpay ng inaasahang kinahihitnatnan ng pag-aaral.
N/A	Ginagamit ng mga guro ang "N/A" kapag "hindi nasuri" ang paksa sa panahon ng pag-uulat.

Ulat ng IPP: Kung sumusunod sa Individual Program Plan (IPP) ang inyong anak bilang bahagi ng kanilang programming, makakatanggap ka ng mga update sa kanilang progreso sa isang hiwalay na dokumento sa bawat panahon ng pag-uulat sa buong taon ng paaralan.

Mga pagtatasa ng probinsya ng antas 3, 6, at 8

- Sinusukat ng mga pagtatasa ng probinsya ng Nova Scotia ang kakayahan sa pagbabasa, pagsusulat, at matematika.
- Tinatasa nila kung ano ang natutunan ng inyong anak sa buong taon sa paaralan, kaya hindi kailangang mag-aral ng mga mag-aaral para sa mga pagtatasa na ito.
- Sinusuportahan at inihahanda ng mga guro ang mga mag-aaral para sa isang pagtatasa sa buwan patungo sa pagtatasa.
- Ilang buwan pagkatapos ng pagtatasa, tatanggap ka ng ulat na nagpapaliwanag sa pagganap ng inyong anak sa pagtatasa. Maaaring gamitin ng guro ang impormasyong ito upang unawain ang pagganap ng inyong anak at kung kailangan nila ng higit pang tulong.
- Madalas na available ang mga pagbagay upang suportahan ang pagkakatuto sa silid-aralan sa panahon ng pagtatasa. Kung hindi pinahihitulutan ang pagbagay para sa mga layuning pagtatasa, maaaring magdesisyon ang Pangkat ng Nagpaplanong Mag-aaral, kabilang ang magulang/tagapag-alaga, kung paano magpapatuloy: maaaring sumulat ang mag-aaral nang walang pagbagay o maaaring hindi isulat ang pagtatasa.
- Kung bago ang inyong anak sap ag-aaral ng Ingles o Pranses, maaaring kailanganin nilang isulat ang pagtatasa.
- Kung mayroong Individual Program Plan sa sining ng wika o matematika ang inyong anak, maaaring hindi nila isulat ang pagtatasa.

Para matuto nang higit pa sa mga pagtatasa sa probinsya:

- Makipag-ugnayan sa guro ng inyong anak o bisitahin ang seksyong Pagtatasa ng Mag-aaral ng website ng Kagawaran ng Edukasyon at Pag-unlad ng Maagang Pagkabata.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong lokal na Regional Centre for Education (RCE) o conseil scolaire acadien provincial (CSAP).

- **Annapolis Valley Regional Centre for Education** (AVRCE)
- **Cape Breton-Victoria Regional Centre for Education** (CBVRCE)
- **Chignecto-Central Regional Centre for Education** (CCRCE)
- **Conseil scolaire acadien provincial** (CSAP)
- **Halifax Regional Centre for Education** (HRCE)
- **South Shore Regional Centre for Education** (SSRCE)
- **Strait Regional Centre for Education** (SRCE)
- **Tri-County Regional Centre for Education** (TCRCE)
- **Nagbibigay** ng isang saklaw ng mga serbisyo at suporta ang SchoolPlus, at available sa bawat paaralan sa Nova Scotia

Para sa suporta sa inyong komunidad, makipag-ugnayan sa:

- **YMCA School Settlement –** available province-wide
- **YREACH** – available outside of Halifax Regional Municipality (HRM)
- **Immigration Francophone –** available through your School Settlement Worker